

Mga Bakuna para sa Iyong Preteen

Matuto tungkol sa mga bakuna upang tulungan ang iyong preteen na manatiling malusog sa kabataan at higit pa.

Mga rekomendasyon sa bakuna para sa mga 11-12 taong gulang

Ang **Tdap** ay nagpoprotekta laban sa tetano, dipterya, at ubong-dalahit (tuspirina). Maaaring magsanhi ng pagsusuka, paghingal, at hirap sa pagtulog ang tuspirina. Maaari itong magtagal ng ilang buwan at lubhang nakahahawa. Ang bakunang ito ay kinakailangan para pumasok sa ika-7 baitang sa California.

Ang mga serye ng bakuna sa **HPV** (human papillomavirus) ay inirekomenda simula sa edad 9. Pinipigilan nito ang kulugo at maraming kanser sa reproductive system, pati na rin ang kanser sa lalamunan at bibig. Ang bakuna sa HPV ay pinakamahusay na gumagana kapag ibinigay sa mga taon sa preteen. Ang mga preteen na binakunahan nang mas maaga ay kailangan lamang ng dalawang dosis sa halip na tatlo.

Ang mga bakuna sa **meningococcal** ay pumoprotekta laban sa bacterial meningitis, isang napakalubhang impeksyon na maaaring humantong sa pinsala sa utak, pagputol ng braso at binti, pinsala sa bato, at kamatayan. Ang mga preteen ay kailangang mabakunahan ngayon at muli sa edad 16 taon.

Ang bakuna sa **flu** (influenza) ay kailangan bawat taon. Ang trangkaso ay higit na malubha kaysa sa karaniwang sipon. Kahit ang malulusog na kabataan ay maaaring magkatrangkaso. Ang mga batang may talamak na mga kondisyon tulad ng hika at dyabetis ay lalong nasa panganib sa pulmonya o kahit pagkamatay.

Ang bakuna sa **chickenpox** ay nagpoprotekta laban sa higit pa sa isang makating pantal. Ang sakit ay maaaring magsanhi ng pulmonya o malubhang mga impeksyon sa balat. Ang mga preteen ay kailangan ng dalawang dosis bago magsimula sa ika-7 baitang.

Ang bakuna sa **COVID-19** ay maaaring magprotektang laban sa malubhang sakit sa lahat ng 6 na buwan pataas, kabilang ang mga preteen. Ang pagpigil sa impeksyon sa COVID-19 ay maaaring mangahulugan na mas kaunting panahon malayo sa paaralan, palaro, at mga gawaing sosyal.

MGA GAGAWIN:

- TDAP
- HPV
- MENINGOCOCCAL
- FLU
- CHICKENPOX
- COVID-19

? Tanungin ang Doktor

- ▶ Kailangan ba ng anak ko ng anumang iba pang pahabol na mga dosis (hal., MMR, chickenpox, at hepatitis B)?
- ▶ Mangangailangan ba ng iba pang mga dosis sa hinaharap?
- ▶ Mayroon bang anumang mga pangalawang epekto mula sa mga bakunang ito?
- ▶ Maaari ba akong makakuha ng napapanahong talaan ng mga dosis?
- ▶ Aling mga bakuna ang kinakailangan sa paaralan, at maaari ba ninyo akong bigyan ng dokumentasyon na kailangan ko?
- ▶ Maaari ko bang itakda ang susunod na (mga) dosis sa HPV ng aking anak ngayong araw?

ShotsForSchool.org

Ang paglalathalang ito ay sinuportahan ng Gawad Bilang H23/CCH922507 mula sa Mga Sentro para sa Pamamahala at Pagpigil ng Sakit (CDC, Centers for Disease Control and Prevention).

IMM-1054 - Tagalog (10/22)

California Department of Public Health Immunization Branch • 850 Marina Bay Pkwy • Richmond CA 94804

